Kanda: Good Evening. Im Mariam Kanda, from the municipality of Palimbang, particularly a resident of Malisbong, Sultan Kudarat.

Interviewer: Ayun pong sinasabi niyo kanina ay magkukuwento ho tayo. May kaalaman kayo hinggil doon sa Malisbong Massacre. Kailan po iyon nangyari at sino po ang mga kamaganakdoon ang naging biktima nitong paglabag ng karapatang pantao. Kwento lang po kayo.

Kanda: That was September 24, 1974 and I was 14 years old that time, and my father who was a long-long time barangay captain of that barangay, kasali po sa namatay. Pati yung kapatid niya na barangay captain din po, doon, sa katabing barangay. Kraan, particularly. Kraan, Palimbang, Sultan Kudarat.. na kasali din po at tsaka ilan kapatid niya, na nandoon din mga residente at tsaka pinsan po ko nandoon din po. Pati ako kasali ako that time, kaya alam ko lahat po kung ano po yung nangyari last September 24, 1974.

Interviewer: Ano po talaga yung nangyari? Kwento niyo po kung paano nag-start, ano yung oras ng umaga po yon? Hapon? Tapos ano po yung nangyari.

Kanda: Nung gabi ng September 24, meron na pong mga putok galing po sa dagat, kaya po ang lahat ng residente na mula sa Malisbong ay nagsitakbuhan po sa bundok. Kaya lahat ng mga karatig barangays din po ay nasitakbuhan po; nagsitakbuhan po sa bundok ng Malisbong, Magialis[?]², Ligua[?]³, Kolong-Kolong, Baliango. Yan po ang mga affected barangays ng Palimbang, Sultan Kudarat. And Malisbong is the first barangay pag papasok po kayo sa Municipality ng Palimbang. It is the... window ng Palimbang, Sultan Kudarat – the first Barangay po pagpasok niyo ng aming Municipality.

Actually that time, ng sinasabi nila na.. magtakbo na kayo dahil nandyan na ang mga sundalo, that time fourteen years old ako. Ang sabi ng tatay ko, "tumakbo na kayo kung saan ang kaya niyo abutin." Kasama ko ang pamilya at iba pang mga pamilya. Pero nong kinabukasan, may leaders.. that time the mayor was Hadji Druz Ali, the former mayor, late Hadji Druz Ali pero namatay na po siya ngayon. That time meron din, ang kanyang Vice Mayor was [?]⁴ Valle, still

¹ Annotations and clerical corrections to the transcript were added on September 26, 2019 following further research into the project.

² Maguiales

³ Libua

⁴ Magon Valle, also known as Reagan Valle, after inquiry with Ms. Kanda. His name is also indicated in the 7 man committee report

alive nowadays. At tsaka may dalawa kaming councilors na kasali din na namatay, si councilor Tato Sapal who is the father of Colonel Sapal now, at tsaka si Datu Pendatun Untua, former councilor din, na lolo ng present mayor ng Palimbang, Sultan Kudarat. Kasali po din yan sa namatay.

Interviewer: Ano po yung sinasabi niyo kasi, di.. dumating ang mga sundalo, sabi ng tatay niyo, magtakbuhan na kayo, tapos ano po ginawa ng mga sundalo nong dumating sila? Alam po ba niyo kung.. anong IB o ano?

Kanda: That time, ang mga sundalong nagpaputok na nagpaputok parang bomba na yan na dumating sa amin. Ang elements na dumating sa amin ay.. combined elements ng CHDF and 15th Infantry Battalion, Philippine Army.

Interviewer: Ngayon po, papaano po.. so, nagbaril, mga ganyan. Parang.. pero paano.. ano yung nangyari, yung sinasabi niyong massacre? Kinuha ba ang, mga tao? Yung mga magulang niyo?

Kanda: After.. firing of.. guns and bombs, nagsitakbuan po kami sa mountains. Then the following day, gaya ng sinasabi ko, na may mga leaders po.. ang barangay na sinsabi "bumaba na kayo dahil may negotiation."

Nung bumaba kami, dala-dala po naming yung veil, kagaya ng gamit ko, white in color na ginawa namin flag, para bumaba na kami yung mga taong bababa doon. Pero ang nangyari, pagbaba namin doon, near the mosque of Hadji Hamsa Tacbil na nasa Malisbong, nakikita na po namin na marami na pong nagsisidatingan na mga tao galing sa bundok.

Nung nandoon na po kami, pati ako pinaglaruan na rin ang mga sundalo dahil bagong kasal ako. The wedding was september 18.. nangyari september 24. Kaya nong nalaman nila na bagong kasal ako, para bagang pinaglalaruan kami ngayon na magkiss daw kami, ganon ang nangyari. Pero after that one inannounce po ng sundalo.. na lahat ng kalalakihan pumasok na sa Masjid ni Hadji Hamsa Tacbil. Pumasok ho sila, then kami po, na mga kababaihan, kasama na yung nanay namin tsaka mga bata.. dinala po kami sa naval boat. Pinasakay po kami doon na wala po talagang [?] yung naval boat na yon kaya po that time, wala pong pagkain, wala pong.. mainit po ang araw, maraming batang namatay. And also, we saw also women who are raped by the military men na, pagkatapos ng rape, tinatapon na po sa dagat.

Interviewer: May nakilala po kayo doon sa sinasabi niyong na-rape? May mga pangalan kayong naalala?

Kanda: Meron po kaming mga kakilala na mga na-rape doon.. na galing po sa ibang barangay.

Ah, what barangay was.. the first-one is from barangay Libua but I can't remember the name, pero nung bumaba na rin kami sa- ibinaba po kami doon sa barangay Kolong-Kolong, ini-dock na po yung- yung naval boat doon. Binaba kami kasi open po yung naval boat. Pagbaba namin sa dalampasigan, nagbaba lahat ng women, children.. another again, likely nagrurubing[?] po yung mga sundalo sa amin. Kaya ako na takot-na-takot kasi may isang sundalo talaga na gusto akong hilain, dahil that time bata pa po ako. Kaya nagdadala po ako ng batang maliit, doon ko na pinapaihi[?] sa akin. and then ang mga bahay kasi damaged na, kaya nakakalusot din yung mga sundalo na pumapasok sa amin.

Umiiyak yung nanay ko dahil hinihila talaga ako ng sundalo. Kinabukasan kinausap ng nanay ko ang mayor that time, Hadji Druz Ali na tulungan po ako paano ako makaligtas doon, dahil takot-na-takot siya dahil isa ako sa gusto ng mga sundalo na i-rape din that time. Pero ang nangyari kinausap ng nanay ko yung mayor, pati yung mga Police na pumupunta doon, nagbibisita and are bringing supplies from the LGU of Palimbang with the DSWD in the name of Mrs Johhny?). Kinabukasan sabi ng mayor, "oh sige pasamahin siya doon sa DSWD" to give supplies to other evacuees. Kaya doon na po ako umuuwi sa poblacion ng Palimbang.

..Then the following day, narinig na po namin na yung detainees na mga kalalakihan, may natira na 180 men, inilipat po sa Masjid sa Barangay Baliango. Kasali na po yung dalawang pinsan ko doon, na nakapagsabi talaga na it was so emotional nong nagkita kami, dahil nong pumasok ako sa Masjid, takot-na-takot sila dahil ang sinasabi nila, yung para bagang nagtuturo ako, dahil yun ang sabi ng sundalo daw. Nong nagkausap na kami na sabi ko "hindi, nandito ako dahil magbibigay kami ng supply," yakap niya sa akin na umiiyak sabi niya, "Wala na ang tatay mo! Wala na rin si tatay ko! Wala na yung magkapatid at tsaka mga pinsan namin!" Yun ang sinabi po ng pinsan kong iyan.. na dalawa ang pangalan niya, is Madaki Kanda and Mohammad Kanda, and still alive po sila. Nasa Barangay Kaburing na po sila nakatira. Nandyan po sila, makapagsalita dahil sila ay biktima din.

Inilagay na sa sako si Madaki Kanda at about itatapon siya sa dagat, pero may isang sundalo na may magandang noo, malaki ang puso, sabi niya "akin na yan," pero hindi niya itinapon sa dagat yung si Madaki, bagkus tinangal niya yung tali niya... tinangal sa sako at pinabalik don sa mosque, kaya isa po siya sa survivor. Ganon din po si Mohammad Kanda, isa po siya sa survivor na ginawang punching bag dahil.. puro yan, pasa ang katawan niya po. Na ganon ang nangyari, nagkwento din sila, at doon niya sinabi din.. na yung ibang kalalakihan pinapalabas, tinatangalan ng lahat ng damit at doon na rin sila pinapapala to dig their own grave.

Isa nang ebidensiya.. Isang uncle ko din ang nakatakbo sa bundok, walang saplot..

⁵ Referring to cover on the boats

galing po siya, nagpala ng kanyang sariling.. libingan, pero yung sundalo talaga, nakaligtas po siya. Tumakbo siya nang tumakbo, pagdating sa isang barangay, sa barangay Maguiling[?] , ang sinabi niya sa uncle ko na kapatid ng tatay ko na retired teacher, sabi niya “bigyan niyo ako ng damit diyan,” malong or whatever, na masabi niya na mailagay sa katawan dahil wala talaga siyang.. ni saplot man, na nakalagay sa kanyang katawan dahil, hubad-hubad po siya. Kaya nong narinig ng kapatid ng tatay ko, na siya pala yon si Nandutuano Datu , na sabi niya “ikaw pala yan.” Kaya sabi, sinabi niya na halika dito, sabi niya magusap tayo.

Doon na rin niya sinabi na patay na ang tatay ko, patay na yung magkakapatid kasi.. mga kuya niya. Si Nandutuano Datu kasi asawa ng kapatid ng nanay ko, na..

Interviewer: Iyong po ano.. pagpatay, bakit po.. nila pinapagpatay yung mga kalalakihan?

Kanda: Sa pagpatay po, sa totoo lang.. we don't know the reason why they killed those men in our barangays. Dahil ang sinasabi nila may hinahanap sila, na wala naman sila natagpuan sa lugar na iyon kung sino ba yung hinahanap nila. Yun ang sinasabi sa amin, may hinahanap sila, at tsaka it is an operation of no man's island.

Yun po ang nasa- narinig namin na pinagsasabi po ng mga sundalo. Kaya after the dark, 15th IB was replaced by 25th IB with their CO na si Payumo. Payumo that time, naging mabuti na rin siya sa mga tao. Pero ako man sa totoo lang, dinala ako ng aming mayor, sa.. pinauwi po ako sa Cotabato City, dahil nga, gusto ng sundalo talaga din na kunin talaga ako, dahil sa kabataan ganon.

Na, sabi kong hindi. Babalik po ako sa amin. Sa totoo lang, naging amazona ako, dahil hindi ko matanggap kung ano yung nangyari sa aming pamilya. Humawak po ako ng baril that time, kaya ang sabi ko, hindi na maganda ito dahil ang dalawang kapatid kong mga lalaki, wala po sila doon. Ako lang ang naiwan babae, dapat talaga ang sakit na yan ang maipsan(?) po. Na dahil po that time di ko matanggap kung gaano kasakit ang mawala ang magulang na 'di mo alam kung ano ang kasalanan.

Interviewer: Noon po ba ang ano eh, wala bang nagkaencounter, halimbawa ng military at tsaka ng.. ng mga, MNLF bago magkaroon ng ganyang, ah, massacre sa Malisbong?

Kanda: Sa barangay Malisbong, talagang walang putukan nangyari po doon. Meron ding nasabi noon na blackshirt with Ilagâ, hindi po sundalo din ang naging kalaban. Yun ang sabi, may blackshirt sa municipality namin, but not in Barangay Malisbong. Wala pong nangyaring

⁶ Kabulin

⁷ Possibly Nando Tuanadatu

bakbakan sa Barangay Malisbong. Kaya po nabigla po talaga kami bakit nagkaroon ng ganong kalaking patayan ng kalalakihan namin sa Barangay Malisbong, lalong-lalo na po sa masjid ni Hadji Hamsa Tacbil.

Interviewer: So noong ano po, ano yung ginawa niyo noong namatay yung magulang niyo, yung uncle niyo, pati sabi niyo yung asawa niyo?

Kanda: Yes po. Kasama po yung former husband ko at tsaka kapatid po niya na si Dating[?] Mastura, at tsaka si Nurodin[?] Mastura na kapatid niya na iniwanan lang po doon, dahil walang kasama yung pong kuya niya dahil po parental lang kami. Hindi po kami magkasintahan, na alam niyo naman sa Muslim na culture na walang ligawan, parental po ang nangyari.

Nong narinig namin na ganon wala kaming magawa dahil.. nandyan ang mga sundalo. Hindi na namin napuntahan agad kung saan naroon yung Masjid; saan po sila pinapapatay. Matagal-tagal pa rin bago napuntahan yung area na iyon, kaya nong pinuntahan na yon nakikita mo talaga, na kahit anong hugas mo doon.. sa pinagyarihan ang dugo po ay lumalabas at lumalabas, and you can see also the fingerprints of those who died, na nandoon po sa dingding ng mosque na iyon.

Interviewer: Nakatayo pa din po yung ba yung mosque na yan?

Kanda: Yes po, nandyan nakatayo hanggang ngayon at makikita po ang mga tama ng bala, and actually may pictures ako, the latest picture. Nandyan po, makikita po natin yan.

Interviewer: Meron din ba kayong picture bago nangyari yung ganong massacre?

Kanda: Ah, sorry po kasi wala talaga, wala po talaga kaming picture dahil wala kaming nadala galing sa bahay po namin. Lahat-lahat ay nasunog dahil sinunog talaga nila yung mga bahay namin, each 300 houses at Barangay Malisbong alone. Nasunog po lahat-lahat ng ari-arian po namin, kaya walang natira sa amin ni saplot na damit namin wala po. Kaya walang remembrance kung ano po yung Malisbong before, and those people before, wala po kaming pictures.

Interviewer: So yung pagkamatay ng tatay niyo, at tsaka yung mga ilang.. kamaganak.. yung former husband niyo.. ano po yung naging epekto sa inyo? Noong panahon na iyon lalo na hindi niyo kaagad sila nakita pero nabalita na lang sa inyo na namatay sila?

Kanda: Masaklap at tsaka napakasakit po ma'am, kaya parang hindi ko kaya talaga. After kasi noong nakalabas na kami, at yung mga parents namin bumalik na sa Malisbong, talagang nagpunta ako sa bundok at nagkaroon ako ng training with the group of women of Palimbang,

Sultan Kudarat. I was their leader dahil po hindi ko talaga matanggap kung ano yung nangyari po sa amin. Pero dahil po sa motivation ng aking kapatid, Engineer Salim[?] Kanda and Attorney Jack Kanda, nasabi nila lumabas ka diyan magaral ka dahil yung future mo ang isipin mo. Dahil wala na tayong magawa, nandyan na yan.. na.. yun na, lumabas ka, magaral ka. Kaya umuwi ako sa Mako Compostela Valley, at ang kuya ko ang naging breadwinner namin doon, at pinaaral na rin po kami hanggat nagtapos po ako ng Bachelor of Science in Nursing, na yun na po napakasaklap dahil ang ambisyon ko po ay maging isang doctor, pero.. I'm so thankful sa Allah dahil kahit papaano nakapagtapos ako ng pagaaral ko, na naging registered nurse po ako noong nineteen.. seventy.. nineteen eighty four po, pumasa po ako ng board exam, and then nagtrabaho po ako sa Saudi.

I became a school nurse in Davao City, and after 2006, 2007 I entered politics for Sultan Kudarat, and I am a 3-term councilor of the Municipality of Palimbang, straight po yan na three terms ko po na councilor po ako, dahil po gusto kong pagsilbihan ang aking bayan na Palimbang. Gusto ko rin na ang karapatan at kapayapaan sana ay makamit ng tao ng Palimbang, Sultan Kudarat – lalong-lalo na po ang affected na mga barangays ho namin.

Interviewer: ..Sa ngayon po ay matagal-tagal na rin po iyon ano? Meron ba kayong ginawa para, magkaroon ng kaso laban doon sa mga pumatay sa magulang niyo, o kaya doon sa asawa niyo? Or.. meron bang, parang nakamtan kayong hustisya? Saan po niyo iyon naipaabot, yung tungkol sa pagpatay sa inyong magulang?

Kanda: Until now we are longing for justice. For all the victims of Malisbong Massacre. Lalong-lalo na po ang aming mga magulang. Noong pumasok po.. 2014, pumasok ang, sinasabing mga kapatid natin na AKBAYAN, si Ma'am Etta Rosales po pumunta sa bayan ng Malisbong. That was anniversary na September 24, 2014. Hinikayat po niya yung mga victims na magfile ng kanilang claims, pero po its sad talaga na out of 1000 claimants, only 100+ claimed their rights.

Kaya ngayon ang problema ng Malisbong claimants ay.. masakit pong tangapin. Pati ngayon last 2-2018 na, kinausap pa rin nila si Senator Risa Hontevieros kung paano po nila maclaim yung rights nila, dahil na-deny ang karamihan doon sa claimants.. and we are hoping na sana po mapagbigyan po ang aking mga kababayan na kung ano po ang nararapat para sa kanila, ay may agency talaga na tutulong pa rin sa kanila, even.. yung mga projects sana for the victims if we can ask, from any agency na tulungan in memory of those who died in Barangay Malisbong, especially Masjid of Hadji Hamsa Tacbil.

Interviewer: Mga ilan po yung sinasabi niyo namatay noon? Doon sa Massacre?

Kanda: Sa Massacre, it was reported that there was more or- more than 1000 who died, that was killed by the military men that time. Yun po ang nasa news din. I'm so happy that I read also

ah,... clippings, na sinasabi po na 1'500 ang killed po sa Massacre sa Malisbong, September 24, nineteen eighty four. And I do agree for that dahil yung mga kalansay na nakita, nabilang din po yon, at naprayer po. Inilagay nalang sa isang grave doon sa front ng Masjid ni Hadji Hamsa Tacbil, and nowadays its not impossible to visit the mosque and the grave of those who were killed, dahil napakaganda na po na aming daan from General Santos City going to that area na pwede po nating yan na in memory of those people who were killed during that massacre.

Interviewer: So meron po nang mass-grave para sa kanila? Nandoon sila inilibing, hindi inilipat?

Kanda: Hindi po inilipat yung iba kasi pina- sila na po ang pinahukay ng kanilang sariling libingan, dahil nong nakikita po ng mga sundalo na malalim na, diretso na po sila doon binabari. Pero may nakitang mga kalansay din doon sa mosque.. loob ng mosque.. meron pa rin doon sa labas ng Mosque-Masjid. Yun ang kinuha nalang ng mga kamag-anak at tsaka ilibing sa isang area in front of the mosque na iyon kung saan pinangyarihan po, yung massacre.

Interviewer: So doon sa nakakuha po ng parang naaprubahan yung kanilang mga claims. Kasama ba yung isang uncle niyo? O kaya yung former husband niyo?

Kanda: Actually ang isa lang nasali doon, yung former husband ko. About my father, his brothers, and ah cousins namin, hindi po kami nakapagfile ng claims po namin, pero these times.. gusto sana namin humiling. Dahil, lumalaki at lumalaki ang pamilya po ng bawat isang iniwan po ng aming mga magulang, kung meron din po agency sana, na makatulong sa amin kung paano maibigay yung nararapat din para sa amin, na humiling po ng tulong sa inyo, especially sa mga apo na po ng mga namatay po.

Interviewer: ..hindi po nakapagfile noon doon sa Hawaii class suit?

Kanda: (Shakes head) Wala po. Wala po dahil.. kahit nakita po namin yung listahan, hindi po kami nag-move.. ng ano dahil alam mo kung minsan may mga political colors. Political, what I mean political colors, dahil ang nagpoprocess noon parang inaayawan yung amin. Actually the first orientation of the Human Rights Victims na pumunta sa amin, ay nandoon po ako. Nandoon po ako sa loob ng mosque dahil I was a councilor that time in the year 2014. My term ended just 2016. Kaya nandoon ako nagspeech ako and I waited for senator Risa Hontevieros dahil ang sabi nila, ay pupunta, and.. I'll be the one to provide a car for her, dahil po naging kaibigan ko po siya. Pero suddenly, nagchange po siya ng kanyang schedule kaya hindi kami nagpatuloy, nagbabalik kami doon sa Malisbong Massacre area...

I'm very thankful nowadays ma'am, dahil nandito po itong Memorial Commission, na nagkataon po ngayon na isa po ako ngayon na kasali, kung ano ba yung memorialization. And

I read also.. an item na sinasabi doon na it's a forbidden memory. Napakasakit po yan sa amin.. pero sana po, humihiling- isa na ako sa humihiling, na dapat sana mabigyan namin ng justice, and the rights for those family of the victims.

Interviewer: Sa ngayon po kasi, iyong Human Rights Victims Claims Board ay, wala na. Nakasara na po ngayon. So, ibig sabihin, ah.. Kung meron man gusto mag-file, don sa di na napag-file noon, ay kailangan na po ng isang bagong batas...

Meron ba po kayong gustong sabihin maliban sa sinabi mo ngayon? Meron ba kayong panawagan?

Kanda: Yun po, ang panawagan ko. Ang panawagan ng karamihan rin sa amin, na lahat ng hindi po nakaclaim sana ay maawa ating mga namumuno sa bansang Pilipinas, na sana po mapagbigyan ng concern yung lahat ng victims po ng massacres, specially yung Malisbong massacre. Mapagbigyan po ng pansin, kung sakali kailangan na batas, ay humiling po ako sa inyo Congressman, Senators to please, do a favor to make a law that can give the victims justice.

(End of Interview)



Image taken in Sultan Kudarat, Philippines. March 19, 2019

Interviewer: **Mohaida M. Tamama**
Interviewee: **Mohamad Panet M. Piang**
Interview Setting: **SKSU Palimbang Campus, Sultan Kudarat**
Date: **19 March 2019**
Language/s Used: **Maguindanaoan, English, Filipino**
Transcribed and Translated (Filipino) by: **Fahmiya Dimakilang - Kirab**

Transcript of Interview

(Start of Interview)

Interviewer: Ngì ngala nêngka Sir? (*Ano pong pangalan ninyo, Sir?*)

Piang: My official name is Mohamad Maguiales Piang. Pero ang tawag sa akin sometimes Panet. Kasi pinanganak daw ako na maraming isda na Panet diyan sa dagat. Official name is Mohamad.

Interviewer: Na saguna ngin den I kwan nêngka ka...nakapila lagun ka den saguna Sir? (*Sa ngayon, ano na ang iyong kwan...,ilang taon ka na ngayon, Sir?*)

Piang: 76 years old.

Interviewer: 76 years old. Na saguna na syempre understood a retired ka den Sir a? Na saguna êndaw ka pêngkalabên Sir? (76 years old. Sa ngayon, syempre understood na retired ka na, Sir. Sa ngayon saan ka nakatira, Sir?)

Piang: Poblacion.

Interviewer: Sa Poblacion, Palimbang? Su timpu êntu ngin a barangay ka? (*Sa Poblacion, Palimbang? Sa panahong iyon, anong barangay ka?*)

Piang: Noong nangyari yun? Poblacion, Palimbang.

Interviewer: Ah Poblacion parin. A na Poblacion ka parin saguna pêngkwana. Dadên, balu ka dên Sir oh? Syempre na minatay dên si Maam Virgie. Na su part ba êntu a kapangangalandêm, pangintanudan taw Sir, su mga nanggula kanun tuba a massacre. San tu ba a massacre, na ngin i madtalu nêngka u ngin i nanggula nêngka kanu timpu nun tu ba a massacre? (*Ah Poblacion parin – Poblacion ka parin ngayon nakakwan. Wala..., balu ka na po Sir ano? Syempre, patay na si Maam Virgie. Sa part na pagbabaliktanaw, isipin po ulit natin Sir ‘yung mga nangyari ng massacre na yaon. Sa massacre pong iyon, ano po ang masasabi ninyo sa kung anong nangyari sa inyo sa panahon ng massacre na ‘yun?’*)

Piang: Istoryahin ko sa inyo ano lang ang mga maalala ko ano? Kasi ang tagal ng panahon eh nakaforty four (44) years na ‘yan.

Interviewer: Su experience nêngka bênal a. (*‘yung totoong experience mo po talaga.*)

Piang: Noong araw na ‘yan ‘no? Nagtatrabaho ako sa opisina ng Mayor ng Palimbang, Hadji Druz Ali, as a Community Affairs Assistance, Office of the Mayor. Nag-umpisa ang trabaho ko doon noong kwan....(nag-iisip)... September 22, 9 aaaaah 1974.

Interviewer: Ano po kaya ang edad n’yo noon, Sir? (*Ngin i lagun nêngka sa tu guna Sir?*)

Piang: Ammmh..mga thrity (30) plus o forty (40) years na ako?

Interviewer: Sa panahon 'yun 1974? (*San tu ba timpu 1974?*)

Piang: Amm..ganon mga thrity (30) to forty (40) years old ako.

Interviewer: 'yun ang trabaho mo nasa munisipyo ka? (*Nan tu ba 'y galbêkan nêngka na siya ka sa munisipyo?*)

Piang: Office of the Municipal Mayor.

Interviewer: Ah Office of the Municipal Mayor. Sa panahong iyon nasa munisipyo ka pa? (*Ah Office of the Municipal Mayor. Su timpu nun tu na lu ka pêñ sa munisipyo a?*)

Piang: Sya ko sa Poblacion santu. (*Nasa Poblacion ako noon.*)

Interviewer: Na adên dêñ kaluma nêngka santu, Sir? (*May asawa ka na noon, Sir?*)

Piang: Sakami sa, si Misis Piang.... (*Kami na..., ni Misis Piang....*)

Interviewer: Ah, na pila kataw i wata nêngka santu a timpu? (*Ah, ilan po ang anak ninyo ng mga panahong iyon?*)

Piang: Sêkataw. Si Abdul Rashid. (*Isa. Si Abdul Rashid.*)

Interviewer: Ah sakataw pêñ lu? Ngì idad'ên intu ba? Su wata nêngka a? (*Ah, isa palang? Anong edad niya? 'yung anak ninyo?*)

Piang: Wata pêñ ka di nin katanudan intu ba nanggula. Hindi niya maalala ang nangyari. (*Bata pa kasi hindi niya pa natatandaan ang nangyari. Hindi niya maalala ang nangyari.*)

Interviewer: Ah, na maalala nêngka pon u pila lagon dêñ sêkanin? (*Ah, maalala mo pa po kung ilang taon na siya?*)

Piang: Sya bun sametu sêkanin. Hindi ko na maalala ang edad niya pero pinanganak 'yan '70...72 yata 'yan pinanganak, o '73? Hindi. Ah '73 or 74? Hindi ko na matandaan kung kailan siya pinanganak. (*Nandito siya. Hindi ko na maalala ang edad niya pero pinanganak 'yan '70...72 yata 'yan pinanganak, o '73? Hindi. Ah '73 or 74? Hindi ko na matandaan kung kailan siya pinanganak.*)

Interviewer: Na si Maam Virgie sêntu, 'nggu wata nin, êndaw sêkanin? (*Si Maam Virgie noon, at ang anak nyo nasaan po sila?*)

Piang: Sya sa Poblacion. (*Dito sa Poblacion.*)

Interviewer: Sya bun sêkayn sa Poblacion? Da sêkayn maka... (*Nandito sila sa Poblacion? Hindi sila maka...*)

Piang: Bamandu sêkanin siya sa Municipal High School. *(Nagtuturo siya sa Municipal High School.)*

Interviewer: Teacher sêkanin sa timpu nan tu sa massacre. Na su timpu nuntu Sir a mapya su kabpaguyag'u taw sya sa Palimbang? Su dapên massacre? *(Teacher siya noong panahon ng massacre? Sa panahong iyon Sir, maganda din ba ang pamumuhay ng tao dito sa Palimbang? Noong wala pang massacre?)*

Piang: Ok bun. Ok su kabpaguyag u taw. Adên kwana... *(Ok rin. Ok rin ang pamumuhay ng tao. Merong ano...)*

Interviewer: Amh..na ngi mga, aside sa lêka pênggalbêk ka sa office, teacher si Kaluma nêngka, ngin'i kadakêlan mga galabêkan nu mga taw sa tu timpu nun tu ba? *(Amh...,anu – anong mga, aside sayo na nagtatrabaho sa opisina, teacher ang asawa mo, ano ang trabaho ng karamihan sa mga tao noong panahon iyon?)*

Piang: Ah..lyu sa mga employment sa opisina, Deped, na farming, fishing. *(Maliban sa mga employment sa opisina, Deped, ay farming, fishing.)*

Interviewer: Ah..na su lêka bu ba Sir a ngi i madtalu nêngka kanu pamilya nêngka ka san tu ba timpu? Da bun ged kapasangi? *(Ah., sa iyo lang po Sir, ano pong masasabi ninyo sa inyong pamilya ng mga panahong iyon? Hindi rin ba nahirapan?)*

Piang: Awh, na mapasang a nanggula. Pamilya ko a madakel i minatay a, talu kataw i minatay a sulêd ko. *(Awh, ang hirap ng nangyari. Pamilya ko maraming namatay, tatlong tao ang namatay na kamag – anak ko.)*

Interviewer: A lusod'êngka sa tiyan? Mga mama? *(A., kapatid mo? Mga lalaki?)*

Piang: Mga mama. Mga pakiwatan ko. Mga istudyante, high school. Sya ba bagiskwela. *(Mga lalaki. Mga pamangkin ko. Mga istudyante, high school. Dito nag – aaral.)*

Interviewer: Mga high school? Mga babay, adên bun mga pakiwatan'êngka? *(Mga high school? Mga babae, may mga pamangkin ka din?)*

Piang: Adên bun mga babay. Ugêd hindi sila namatay doon. Ang iba namatay ng sakit. Pero mga lalaki, mga istudyante doon sila. Kasama sila doon sa gimassacre. *(Meron ding mga babae. Pero hindi sila namatay doon. Ang iba namatay sa sakit. Pero mga lalaki, mga istudyante doon sila. Kasama sila doon sa minassacre.)*

Interviewer: Napatay sa masgit? Na su mga babay êntu, nakamong bun makaligkên intu sa masgit? *(Napatay sa masgit? Iyong mga babae, nasali din bang ikulong sa masgit?)*

Piang: Da makaludêp, sya sa lyu i pêd. Initago sa concentration camp a military sa Barangay Kolong – kolong. *(Hindi nakapasok, nasa labas ang iba. Inilagay sa concentration camp ng military sa Barangay Kolong – kolong.)*

Interviewer: Aaaah...concentration?

Piang: May military concentration kami. Parang kulungan ba. May kulungan kami maliban.. lyu intu sa Malisbong êntu. Ang mga lalaki doon sa Malisbong Mosque nilagay. *(May military concentration kami. Parang kulungan ba. May kulungan kami maliban...maliban sa nasa Malisbong. Ang mga lalaki doon sa Malisbong Mosque inilagay.)*

Interviewer: Mga babae?

Piang: Ang mga lalak...babae, dinala d'yan sa Kolong – kolong. May military concentration camp doon, doon inilagay. Isinakay sila sa naval boat, malaki.

Interviewer: Na nakapilagay kinastay nilên sa concentration camp bago silên isakay? *(Ilang araw silang nagstay sa concentration camp bago sila isakay?)*

Piang: Ah, matagal sobra ano 'yan. More or less sobra dalawang buwan. Almost ano nga e. Matagal 'yun. Ang iba, umabot pa ng six (6) months ano?

Interviewer: Sa..sa naval? Naval?

Piang: Hindi. Sa concentration camp.

Interviewer: Concentration. How about sa naval?

Piang: Ah, wala na, wala na do'n, umalis naman ang naval.

Interviewer: Aaah, hindi ba silang lahat na nasa Kolong – kolong, hindi nakasakay lahat sa naval?

Piang: Hindi. Naka...

Interviewer: Nakasakay pero sandali lang?.

Piang: Hindi...oh..ang mga babae, bata, galing doon sa ano, doon sa Kraan. Primero doon man sila sa Kraan inipon. Lalaki, babae, bata, doon sila inipon sa Barangay Hall ng Kraan. Sa tabi ng Malisbong. Before Malisbong 'yan. Ang advise ng military, sa kanila, pagbaba nila galing sa naval boat, gin...kasi meron silang, may municipal official na sumalubong, barangay official, sumalubong sa military. After sa bombing na 'yan. Eh ang bombing every morning 'yan eh mga six (6) o'clock 'yan in the morning.

Interviewer: Ėndaw i site a bombing êntu? *(Saan ang site ng bombing na iyon?)*

Piang: Throughout the ano, coastal area. From Baliango down to Barangay Pinol sa Sarangani Province.

Interviewer: Eroplano? Ang bombing?

Piang: 'ndi. Naval boat. Naval

Interviewer: Aaah., naval boat.

Piang: May kanyon, may mortar, the more, harder ano, sa barangay sa, mga 6 o'clock 'yan, sa madaling araw, after sa pwasa, after sa prayer.

Interviewer: Habang arê..kapê..kanyon na naval boat'atu adên pon mga Maguindanaon? Mga babay lu sakay sa naval'atu? (*Habang may.., pag.., kanyon ng naval boat na iyon, meroon pang mga Maguindanaon noon? Mga babaeng nakasakay sa naval na iyon?*)

Piang: Dadên. Da pê. After pa ang kwan do'n..da ,after sa, a..mga ilang oras 'yun. Mga about half day. Kinuha muna ang lahat ng mga lalaki, dinala doon sa mosque. Mga kwan 'yan, mga about, mga kwan 'yan, mga dinala do'n six to seven hundred (6-700) estimate ng kwan, estimate do'n. So... hapon 'yan. Kinabukasan, the same day, the same day. Sinabihan ang mga babae, sakay kayo ng naval boat. Malaking naval, ang tawag Mindoro. So, the whole night 'ndoon nalang sila sa naval. Dumating kami do'n early in the morning of the following day, nakita namin ang maraming tao doon sa naval nga malaki. Sabi ko ki..tanong ko ki Mayor ano man ito Mayor ang nangyari? Bakit andito, maraming tao dyan? Kasama namin si kwan, si Captain Payumo, 25th IB, kasi parang anak ni Mayor 'yun eh. Tinanong, galing 'yan sa kwan, sa Kraan na babae dalhin daw sila sa Zamboanga City, ivacuate sila do'n. Ang request namin, through Captain Payumo, ibaba nalang kuwan, kausapin mo lang do'n sa..sa..sa naval na ang mga tao na 'yan ang iban.. do'n nalang ideretso sa Poblacion. Ibaba na sa Barangay Poblacion. Hindi dito. So nagrant ang kwan, nagpayag ang do'n sa naval. Naginugot silên, pero sa Kolong-kolong lang sila ibaba. So doon lang sila nababa. After how many months do'n lang sila nagtiis. Walang...kakain din. Mga ra..ang pera..ay sa anu-anong makita nila 'yan ang kainin pero hindi sila makalabas saan saan d'yan, doon lang sa concentration camp, heavily guarded, maraming sundalo. So, gano'n ang ginagawa nila do'n araw-araw. Magsabi ang sundalo, si Lieutenant. Gustilo, siya ang C.O. ng army do'n sa concentration camp, ano...uhm...itong babae, tulungan mo lang ako doon sa bahay, meron kampo sila doon sa head quarters, maglaba ka do'n, ano, pero the who..the whole night doon nalang siya. Hindi siya makauwi. Di..sa ibang araw magkuha naman siya. Eh, hindi ko lang sabihin ang mga pangalan ng mga babaeng 'yun. (*Hindi na. Hindi pa. After pa ang ano do'n..wala ,after sa, a..mga ilang oras 'yun. Mga about half day. Kinuha muna ang lahat ng mga lalaki, dinala doon sa mosque. Mga ano 'yan, mga about, mga ano 'yan, mga dinala do'n six to seven hundred (6-700) estimate ng ano, estimate do'n. So, (long pause) hapon 'yan. Kinabukasan, the same day, the same day. Sinabihan ang mga babae, "sakay kayo ng naval boat." Malaking naval, ang tawag Mindoro. So, the whole night doon lang sila sa naval. Dumating kami do'n early in the morning of the following day, nakita namin ang maraming tao doon sa naval na malaki. Sabi ko kay.., tanong ko kay Mayor "Ano ba ang nangyayaring ito Mayor? Bakit nandito, maraming tao dyan?" Kasama namin si ano, si Captain Payumo, 25th IB, kasi parang anak ni Mayor 'yun eh. Tinanong, "Galing 'yan sa ano, sa Kraan na babae dalhin daw sila sa Zamboanga City, ivacuate sila do'n." Ang request namin, through Captain Payumo, "Ibaba nalang ano, kausapin mo lang do'n sa.., sa.., sa naval na ang mga tao na 'yan ang iban.., do'n nalang ideretso sa Poblacion. Ibaba na sa Barangay Poblacion.*)

Hindi dito.” So nagrant ang ano, nagpayag ang nando’n sa naval. Sumunod naman sila, pero sa Kolong-kolong lang sila naibaba. So doon lang sila naibaba. After how many months do’n lang sila nagtiis. Walang..., kakain din. Mga ra., ang pera., ay sa kung anu-anong lang na makikita nila ‘yan ang kainin pero hindi sila nakakalabas sa kung saan saan d’yan, doon lang sa concentration camp, heavily guarded, maraming sundalo. So, gano’n ang ginagawa nila do’n araw-araw. Magsabi ang sundalo, si Lieutenant Gustilo, siya ang C.O. ng army do’n sa concentration camp, “Ano...ahm...itong babae, tulungan mo lang ako doon sa bahay.” Meron silang kampo doon sa head quarters, “Maglaba ka do’n, ano,” pero the who., the whole night doon nalang siya. Hindi siya makauwi. Di., sa ibang araw kukuha na naman siya. Eh, hindi ko lang sabihin ang mga pangalan ng mga babaeng ‘yun.)

Interviewer: Aaah. Pero actually ginape ‘yung mga babae. *(Aaah. Pero actually nirape ‘yung mga babae.)*

Piang: Girape talaga, girape. Kasi, ang mga bata, ang mga babae din ang nagsabi na ganito ang ginawa sa kanila. Ang isa nagsuicide eh, nagsuicide kasi hindi man siya magpayag, eh may gunting siya, sinaksak nyang sundalo. Anong kaya ng gunting sa baril? On the spot ‘yun siya pinatay niya. Su...no’ng kwan, before sa kwan, pasukin naming ang Malisbong sa araw na ‘yun. Eh m’yembro man ako, m’yembro ako ng kwan, Municipal Disaster Coordinating Council ng Palimbang. Kasama ko sila Dr. Braña, si Mayor, ang Chief of Police, DSWD, si..mga Sanggunian Bayan Member, mga kristiyano ang karamihan. Pasukin namin ang Malisbong ke, nalaman namin na ang lahat ng lalaki, doon dinala sa mosque. Hindi man nagpayag ang kwan. Nagpayag din sila makarating kami sa Malisbong pero pagdating do’n, ang nakaakyat lang, nakababa ang mga Christian leader. Ang Muslim, kasama ‘ng Mayor hindi puede magbaba, magtingin doon sa mosque. Dito lang kami sa tabi ng dagat. Doon kami lang. Ang mga Christian leader, doon sila sa, natik..nasilip nila ang nandon sa loob ng mosque. Pero hindi sila pinayagan ng sundalo na meron silang makausap. Hindi pinayagan sila. So gano’n lang, nagtingin lang sila. Nagsabi sila sa amin paglabas nila maraming tao doon sa loob pero kahit isa wala kaming nakausap. Kasama si Misis Piang, namasyal do’n. *(Nirape talaga, nirape. Kasi, ang mga bata, ang mga babae din ang nagsabi na ganito ang ginawa sa kanila. Ang isa nagsuicide nga eh, nagsuicide kasi hindi man siya magpayag, eh may gunting siya, sinaksak nya ang sundalo. Anong kaya ng gunting sa baril? On the spot ‘yun siya pinatay niya. So..., no’ng ano, before sa ano, papasukin namin ang Malisbong sa araw na ‘yun. Eh m’yembro man ako, m’yembro ako ng ano, Municipal Disaster Coordinating Council ng Palimbang. Kasama ko sina Dr. Braña, si Mayor, ang Chief of Police, DSWD, si., mga Sanggunian Bayan Member, mga kristiyano ang karamihan. Pasukin namin ang Malisbong kasi, nalaman namin na ang lahat ng lalaki, doon dinala sa mosque. Hindi man pumayag ang ano. Pumayag din silang makarating kami sa Malisbong pero pagdating do’n, ang nakaakyat lang, nakababa ang mga Christian leader. Ang Muslim, kasama ‘ng Mayor hindi puede magbaba, magtingin doon sa mosque. Dito lang kami sa tabi ng dagat. Doon lang kami. Ang mga Christian leader, doon sila sa, natik., nasilip nila ang nandon sa loob ng mosque. Pero hindi sila pinayagan ng sundalo na meron silang makausap. Hindi sila pinayagan. So gano’n lang, tumingin lang sila. Nagsabi sila sa amin paglabas nila maraming tao doon sa loob pero kahit isa wala kaming nakausap. Kasama si Misis Piang, namasyal do’n.)*

Interviewer: Sa mosque?

Piang: Hindi. Nakasilip. Nakasama siya.

Interviewer: Christian kasi si Maam.

Piang: Oo, gano'n nga. Pinayagan nila. Pero kami ni Mayor, lahat ng kasamahan kong mga Muslim din, hindi sila pinayagan. After thirty (30) minutes sa nangyaring 'yan, nagsabi si Captain Payumo "Uwi na tayo. luwi kayo". So, sumakay kami ng pamboat balik naman kami ng ano, sa., ah., Kolong – kolong. Tiningnan namin ang concentration camp ng military, mga babae. So, sabi ni Mayor, sa DSWD pati kay Dr. Braña, sabi niya "Anong maibibigay n'yo sa mga taong ito? May gamot ba? May pagkain?". So gano'n lang ang no. Sabi ni Misis Guiani, sabi niya "Meron. Merong mga sardinas, mga ano, merong mga, ang udong, may mga gamot 'yang mga paracetamol, sa mga tae-tae, 'yan ang ano do'n. So, (matagal na hindi nakapagsalita..nag – iisip.)

Interviewer: Pinapakain din sila Sir?

Piang: Ahhhh...oh. Meron din silang nakain. Pero ang nakalimutan ko do'n, pagbaba nila noong pinasakay sila sa naval, ang meron lang sa kanila, ang kung anong suot nila. Walang, walang damit, ang suot lang malong[?], wala, gano'n. Walang tsinelas, mga bata gano'n. Ang iba may damit, pero 'yan lang sa katawan nila. Pagbaba nila sa conce...Kolong – kolong gano'n din. So, nagsupply ang ano, ang ukay – ukay (natatawa), dala namin do'n para may maisuot lang sila. Nagdala kami ng bigas, NFA. Gano'n lang ang pagkain nila, walang gamot. So maraming bata ang namatay, sa loob ng ano, sa loob ng concentration camp. Araw – araw may namamatay talaga sa mga bata. Mamatay sa, may sakit, walang doktor, walang ano, wala. May doktor, walang gamot. So...

Interviewer: Ang mga babae, may namamatay rin na mga nanay?

Piang: Oo, meron. May mga nanay nga namatay. Meron ang, mas marami ang mga bata. Mas marami ang mga bata. So, kuan na 'yan nangyari. After that, aahhh...(bagitung) ganito na'ng, after sa gano'n, after sa (noget a da makadtalu) *(Oo, meron. May mga nanay na namatay. Meron ang, mas marami ang mga bata. Mas marami ang mga bata. So, ano na 'yan nangyari. After that, aahhh...(nag - iisip) ganito na'ng, after sa gano'n, after sa (matagal na hindi nakapagsalita)*

Interviewer: Doon po kayo sa concentration camp.

Piang: Do'n sa Kolong – kolong, sa concentration camp. Tapos, after 'yan, na...do'n na kami sa munisipyo, nagano si Mayor, "Anong dapat gawin? Paano natin marescue ang mga lalaki na ikinulong doon sa Malisbong mosque?" 'yan naman ang next move namin. Paano sila marescue? Nagpatawag si Mayor ng meeting sa mga municipal officials, ng magsipagsakay sila...

Interviewer: Sinong mayor noon?

Piang: Hadji Druz Ali.

Interviewer: Ah, Mus..Maguindanaon. Na sige, tuloy Sir.

Piang: Hadji Druz Ali. "Anong dapat itulong?" Nag-organize kami ng ano, ah, nag-ipon kami tapos, nag – ipon ipon kami tapos aah., "puntahan sila," pupuntahan sila para i..irescue ang mga ano, irescue ang mga ah..nahostage doon, nakulong. Irescue sila doon tapos, 'yan ang na., tumulong sa'min si Captain Payumo. "Punta tayo do'n", kasi irerescue talaga sila, 'yan ang mission namin. Pagdating namin do'n sa, Brgy. Baliango, may check point din ang military do'n. Nagtungo kami do'n, sinabi ang mission, ang sabi ng nando'n sa Baliango, "'wag nalang silang tumuloy do'n sa Malisbong, dito nalang sila maghintay sa Baliango. Kunin lang sila do'n. Dalhin dito sa Baliango, silang mga hostage, hintayin nalang sila sa Baliango." Pati si Captain Payumo nagsabi kay Mayor "Mayor, dito nalang daw kayo maghintay."

Interviewer: Sa Baliango.

Piang: Baliango nalang. Dahil ililipat dito sa Baliango ang mga hostage doon, sa Malisbong. So, hapon na 'yan, ang usapan, the following day kukunin sila. Kinabukasan, pumunta kami sa Baliango hinintay namin ang., pagdala sa lahat ng mga hostage. Mayamaya, dumating ang isang dump truck (matagal na hindi nakapagsalita)

Interviewer: May kuan 'yun? May laman? (*May ano 'yun? May laman?*)

Piang: May mga taong nakasakay, 'yung mga hostage do'n.

Interviewer: Oh, mga ilan kaya?

Piang: Mga., After nabilang namin sila eighty eight (88) katao lang. Pinababa sila. Do'n naman sila nilipat sa mosque sa Baliango. Gusto naming makausap pero ang sundalo do'n, ayaw din nila, hindi sila pumayag na meron kaming makausap sa mga hostage na 'yun. Sabi nila, "Saka nalang." So, the same day din bumalik ang dump truck doon sa Malisbong kasi ang naiwan pa, meron pang naiwan. May naiwan daw na one hundred (100) plus o two hundred (200) ganon. Nagbalik ang dump truck. Mayamaya dumating na naman, sa amin sa Baliango. Nagtanong itong si Captain Payumo, "Saan na 'yung ka, saan na 'yun sila? Hindi man yun sila nakasakay?" Ang sagot ng driver ng dump truck ng wareso, warehouse sa dating company, "Wala na Sir, ubos na sila." So gano'n lang ang sagot.

Interviewer: 'yung driver ang nagsabi?

Piang: Oo, ang nagsabi ay driver ng dump truck na "Wala na Sir, naubos na."

Interviewer: Pagtanong ni Payumo [?]

Piang: Oo, tinanong ni Captain Payumo "Saan na sila?" sabi niya "Wala na Sir, naubos na"

sila." 'yun lang ang sinabi, wala. Ang do'n sa loob ng mosque, hindi pa namin nakausap. Nakauwi parin kami dito sa Poblacion. Bukas nalang daw sabi ng ano, ng C.O. ng Army do'n si Lieutenant Poras. Lieutenant Poras, ang C.O. ng Army do'n sa Baliango. Kinabukasan, nandon na naman kami. So, bandang mga alas nwebe in the morning, medyo mainit ang panahon, ah, sabi maglabas na sila. Pinalabas namin, pero hindi din kami pinayagang pumasok sa mosque. Pinalabas sila doon sa may dryer ng rice mill, dryer.

Interviewer: Anong mosque, 'yung sa, Baliango?

Piang: Baliango Mosque. 'yan ang second na kinulungan sa kanila. Pero isang araw lang sila do'n.

Interviewer: Aah, one day lang.

Piang: Mga one day lang din sa mosque sa Baliango.

Interviewer: 'yung sa ano, 'yung sa Malisbong, wala na?

Piang: Mo..ahhhh, hindi. 'yan ang ano, 'yu...,

Interviewer: 'Yung wala, bumalik ang dump truck wala na.

Piang: Wala na, wala na. 'yan ang sabi ng driver wala na, ubos na Sir.

Interviewer: Hindi na kayo nag – ano...

Piang: Hindi na kami nag – insist pumunta doon kasi hindi naman kami payagan ng militar. So, i, doon kami na nagconcentrate sa anong naideliver lang doon sa amin na nabilang namin 88 lahat, 88 lang sila ka tao. Pero no'ng finally nirelease sila, ibalik sa Kolong – kolong kasi andon pa ang mga pamilya nila, ang ah, ang nakarating lang doon ay 82. Namissing pa ang anim. Nai..nai..hindi pa naka, namatay pa ang anim doon sa Baliango. Inano pa nila, sinalvage pa nila. Sinalvage pa nila. Anim pa ang naiwan doon sa Baliango. So, hindi na namin nakita 'yun. Salvage na 'yun. Sinalvage na. So, noong do'n na sila, nakauwi na sila sa pamilya nila, after many months na 'yan.,

Interviewer: Ilang months sila 'yung sa, ilang months 'yun from Malisbong to Baliango, to nakauwi na sila, Sir. Ilang months sa akala mo? Ayh, weeks pala. Pila ka pariyan, Sir? (*Ilang months sila 'yung sa, ilang months 'yun from Malisbong to Baliango, to nakauwi na sila, Sir. Ilang months sa akala mo? Ayh, weeks pala. Ilang weeks, Sir?*)

Piang: Iganat sa Malisbong? (*Galing sa Malisbong?*)

Interviewer: Uway, Sir. Sa 22 atu. (*Oo, Sir. Sa 22 na 'yun.*)

Piang: Twenty,, iganat sa twenty two na taman sa..(bagitong) almost one month ang..

almost one month. *(Twenty., mula twenty two hanggang sa..(nag - iisip) almost one month ang., almost one month.)*

Interviewer: Lu sa Malisbong a, pila ka days siyan lu a... *(Doon sa Malisbong? Ilang days sila doon?)*

Piang: More than 10 days, 15 days 'yata sila doon sa loob ng mosque.

Interviewer: Sa Malisbong?

Piang: ammmh. Nipakain lang sa kanila kangkong at kopras. *(Ammmh. Ang ipinakain lang sa kanila kangkong at kopra.)*

Interviewer: Hindi kayo makapagkwento sa loob kasi wala kayo doon Sir, ang sa inyo 'yung rescue lang.

Piang: Ahhh., sa labas kami makapagkwento kasi ang sa., ang sa.,

Interviewer: Ngi nilay nengka sa labas Sir? *(Anong nakita mo sa labas, Sir?)*

Piang: Ano?

Interviewer: Anong nakita mo sa labas?

Piang: Ayh mga bangkay, nakita namin.

Interviewer: "yung mga bangkay lang ang nakita n'yo?

Piang: Oo. Mabaho pa, pagpasok namin sa Malisbong. Kasi after a month pinayagan din kaming makapunta doon. Pinuntahan namin ang Malisbong. So, pagdating namin do'n meron din kaming, escort na Army. Pero konte lang, pulis. Kami ni Mayor Hadji Druz kasama namin. Pagpasok namin, meron sa., malapit na kami do'n sa Malisbong creek, may ilog kasi doon. So, meron kaming nakitang uwak. Pababa, pataas. Uwak. Pataas, pababa. At saka, gusto naming malaman ano 'yun? Sabi ni Kagi Druz mero., "Puntahan natin, tingnan natin 'yan." Eh na, pinuntahan namin.

Interviewer: Maraming uwak?

Piang: Uwak. Oh, so, kaya pala kasi ang kinakain nila ay uod ng mga bangkay doon. Mabaho talaga. Kung hindi ako, hindi mali, parang tatlo 'yang nakita naming bangkay. Uod na, wala ng ano., buhok lang pati ano, ang., buto, ang meron. Pero mabaho talaga. Kasi ang uod nandon parin. Aah, inano nila. So, sabi ni Mayor may sako man do'n, palagay ko do'n din sila nilagay sa sako. Sinabihan niya ang mga pulis "Kunin n'yo, i., ipasok sa sako na 'yan." Kasi mga buto nalang. "Ipasok., ilibing n'yo d'yan sa tabi ng ilog." Creek. Nilibing nila, buhanginan kasi 'yun para hindi ma., hindi lumabas ang amoy. Mabaho. So, nilibing doon. So, kasi ano, parang maka., ano ba, parang., si Mayor ba, nasaktan talaga siya. Sabi niya "Hindi na tayo tutuloy sa loob, balik na tayo doon sa baba. Tingnan natin ang mosque."

Interviewer: 'Yung Malisbong?

Piang: Malisbong Mosque.

Interviewer: Anong nakita n'yo doon, Sir?

Piang: Pagdating namin do'n, may shades 'yun do'n, purok. Mga 5 meters away 'yan from sa main door ng mosque. Doon kami nakaupo. Nakita namin ang butas na malaki. Parang, bago lang tinambakan ba.

Interviewer: Bago lang din natambakan.?

Piang: Ammm., bago lang natambakan, buhangin man 'yan, mga buhangin. Sabi ni Kagi Druz sa pulis niya "Sige, hukayin nyo daw tingnan n'yo ano 'yang sa ilalim." Kasi malaking butas 'yun eh. So, wala namang pala, eh di kahoy nalang ang ginamit. Kasi malambot naman dahil sandy man yun. Ma..aa., parang buhangin, parang buhangin. So, umabot ng mga dalawang, two (2) feet or three (3) feet [?], 'yun ang naano namin, lumabas ang amoy, mabaho. Amoy talaga. Kahit sa,, because of curiosity, gusto natin malaman ano 'yan talaga, so, hinukay parin. So, naabot namin ang ano. Primero, ang ano, sinturon. Bangkay talaga. Kita namin ang sinturon. Ang suot niya nandoon. Mabaho na talaga. Sabi ni Mayor, "takpan n'yo nalang ng ano." Hanggang ngayon nando'n pa 'yan. Nando'n pa 'yan.

Interviewer: Ibig sabihin, hindi n'yo na nabilang ang number ng bangkay?

Piang: Ayh, hindi. Pero, pero ando'n pa 'yan hanggang ngayon. Hindi naman nabungkal do'n. Ang nabungkal lang 'yung mga nasa tabing dagat. Pero 'yang nasa harap ng main gate ng mosque, hindi na, nando'n parin 'yan. So, after that, pinasok namin ang mosque. Ano, hindi ka makatis, hindi ka makatiis ng,, mabaho talaga. Inano nalang namin, tinakpan namin ang mga ilong namin, mabaho talaga. Nakita namin doon sa dingding ng mosque, ang kamay, ganito. Nakasakla do'n. Dugo. May dugo. Ganito, naano do'n sa dingding. Ang sa flooring ng mosque, makita mo doon ang dugo, nagkalat – kalat. Nagkalat ang dugo. Buhay na buhay ang dugo. So, mabaho talaga. Sabi ni Mayor, "Labas na tayo." So, after that, confirm na namin na may massacre talaga. Although, hindi namin eksaktong nakita paano sila pinatay, paano tinorture, confirm na talaga na may massacre. So, nireport ko doon sa Malacañang. Kasi ang sabi, kung merong mga ano, complain, direct sa opisina ng Presidente, ten (10) centavos lang ang bayad. So, telecom man noon. Eh di nagtelegrama ako do'n sa Malacañang, kay Marcos na, nireport ko na may massacre doon sa Malisbong. 10 centavos lang ang ibinayad ko, kasi 'yun man ang order, telecom. After two (2) weeks or three (3) weeks, nahuli ako dito sa Poblacion. Hinuli ako ng apat na sundalo. Pinasakay nila ako ng ano,, ng Toyota ng warehouse ng logging company. Sabi ko sa kanila, d'yan ako pinulot sa main road sa high way. Paglapit ng sasakyan, sabi nila "Ikaw ba si Mr. Piang?" sabi ko "Oo, Sir, ako nga." Sabi niya, "Doon tayo sa ano, sa Milbuk. Inimbeta ka ni Colonel Aguilar." Ano 'yan, C.O. ng 25th IB ng Army. Pati, ando'n si Mayor, nandon si Mayor. Sabi ko "Puede ba Sir na magpaalam muna ako do'n sa pamilya ko kasi hindi nila alam," sabi

